


| GRADES 1 to 12 DAILY LESSON LOG | School: | | Grade Level: | IV |
|---|---|---|---|---|
| | Teacher: | | Learning Area: | MAPEH |
| | Teaching Dates and Time: | WEEK 4 | Quarter: | 4TH QUARTER |

| | MONDAY | TUESDAY | WEDNESDAY | THURSDAY | FRIDAY |
|---|---|---|---|---|---|
| **OBJECTIVES** | | | | | |
| A. Pamantayang Pangnilalaman | The learner demonstrates understanding of concepts pertaining to texture in music. | The learner applies theintricate procedures in tie-dyeing in clothes or t-shirts and compares them with one another. | The learner demonstrates understanding of participation and assessment of physical activity and physical fitness. | The learner demonstrates understanding of participation and assessment of physical activity and physical fitness. | The learner demonstrates understanding of safety guidelines during disasters, and emergency and other high risk situations. |
| B. Pamantayan sa Pagganap | The learner sings two- parts rounds and partner songs with others. | The learner researches and differentiates textile traditions. | The learner participates and assesses performance in physical activities. | The learner participates and assesses performance in physical activities. | The learner practices safety measures during disasters and emergency situations. |
| C. Mga Kasanayan sa Pagkatuto *( Isulat ang code sa bawat kasanayan)* | MU4TX-IVd-2<br>Natutukoy ang *ostinato* o *descant* ng awitin sa pamamagitan ng pakikinig at pagbabasa | A4EL-Iv-Ivb<br>A. Naibibigay ang kahulugan ng bawat kulay, disenyo at ayos na ginamit sa likhang-sining.<br>B. Nakagagawa ng likhang-sining sa pamamagitan ng paglalala (*mat weaving*) gamit ang kulay, disenyo, at ayos (pattern).<br>C. Napahahalagahan ang sariling disenyo at ang gawa ng iba sa pamamagitan ng masining na pagtatanghal at paggamit nito. | PE4RD-IVb-1<br>1. Naiisa-isa ang mga katawagan sa sayaw.<br>2. Nasusuri ang pagganap ng mga mag-aaral sa mga pangunahing hakbang.<br>3. Naipakikita ang kamalayan sa kahalagahan ng sayaw. | PE4RD-IVb-1<br>1. Naiisa-isa ang mga katawagan sa sayaw.<br>2. Nasusuri ang pagganap ng mgamag-aaral sa mga pangunahing hakbang.<br>3. Naipakikita ang kamalayan sa kahalagahan ng sayaw. | H4IS-IVb-d-29<br>a. Nakapagpapakita ng mga angkop at nararapat na tugon bago, tuwing at pagkatapos ng anumang kalamidad o sakuna, at kagipitan<br>b. Nakapagbibigay ng mungkahi at paraan upang makaiwas sa hindi mabuting dulot ng mga sakuna at kalamidad<br>c. Natutukoy ang mga mabuting maidudulot ng maagap at maagang paghahanda sa pagdating ng anumang kalamidad o sakuna, at kagipitan |


| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| I. NILALAMAN<br>*ject Matter)* | Pagtukoy sa *ostinato* | Kumbinasyon ng mga Kulay | Ba-Ingles | Ba-Ingles | Sa Panahon ng Kalamidad, Sakuna at Kagipitan |
| II. KAGAMITANG<br>ITURO<br>A. Sanggunian | | | | | |
| 1. Mga pahina sa Gabay sa<br>uturo | 163- 168 | 316-320 | 75 -76 | 75- 76 | 200-207 |
| 2. Mga pahina sa Kagamitang<br>Mag-aaral | 120-124 | 249-251 | 190-197 | | 385-400 |
| 3. Mga pahina sa Teksbuk | | | | | |
| 4. Karagdagang kagamitan mula<br>RDMS | | | | | |
| B. Iba pang Kagamitang Panturo | Power point Presentation | Power point Presentation | Power point Presentation | Power point Presentation | Power point P-resentation |
| III. PAMAMARAAN | MUSIC | ARTS | P.E. | P.E. | HEALTH |
| A. Balik –Aral sa nakaraang Aralin o pasimula sa bagong aralin<br>*eview/ Unlocking of difficulties)* | Pagsasanay<br>a. Rhythmic (Echo Clap)<br><br>b. Tonal ( Echo Sing )<br><br>Balik-aral<br>Paano nakikilala ang *texture* ng isang awitin o tugtugin? (Nakikilala ang *texture* ng isang awitin sa pamamagitan ng pakikinig sa iba't ibang himig at pagbabasa ng *musical score*.) | Balik-aral<br>Ano-ano ang mga paraan sa pagdidisenyo sa *tie-dye?* | Pang-araw-araw na Gawain<br>1. Pag-tsek ng *attendance* at angkop na kasuotan<br>2. Pampasiglang Gawain: Sumangguni sa LM Grade 4<br>3. Balik-aral: Magtanong tungkol sa sayaw na Liki. | Pang-araw-araw na Gawain<br>1. Pag-tsek ng *attendance* at angkop na kasuotan<br>2. Pampasiglang Gawain: Sumangguni sa LM Grade 4<br>3. Balik-aral: Magtanong tungkol sa sayaw na Liki. | Ano-ano ang iba't ibang uri ng kalamidad? |
| *B.* Paghahabi sa layunin ng aralin<br>*(Motivation),* | Pagganyak<br>Pag-awit ng "Early to Bed" (sumangguni sa nakaraang aralin) na sinasabayan ng pagtugtog gamit ang dalang mga *rhythmic instrument.*<br>Sundin ang "*tap, clap, clap*"<br> | Pagganyak<br>Magpakita ng tunay na banig o mga produktong gawa sa pamamagitan ng paglalala o *weaving*.<br>Itanong:<br>Sino sa inyo ang natutulog sa banig? | Panimulang Gawain<br>Talakayin ang tungkol sa pinagmulan ng sayaw, ang isinusuot<br>ng mga sasayaw, at mga kagamitan na gagamitin sa pagsayaw. | Panimulang Gawain<br>Talakayin ang tungkol sa pinagmulan ng sayaw, ang isinusuot<br>ng mga sasayaw, at mga kagamitan na gagamitin sa pagsayaw. | 1. Magpakita ng halimbawa ng *emergency kit* sa klase.<br>2. Itanong sa klase ang sumusunod:<br>• Saan kadalasang makikita ito?<br>• Ano ang tawag dito?<br>• Ano kaya ang gamit nito? |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | Saan kaya nagmula ang ginagamit ninyong banig at paano ito ginagawa?<br>Alam ba ninyo na maaari din gamitin ang banig na disenyo ng mga bagay? Katulad ng mga *bag,* alkansiya atbp.? | | | 3. Hatiin ang klase ayon sa kasunduan sa unang pagkikita.<br>4. Ipaguhit ang mga bagay na makikita sa loob ng *emergency kit* na nakikita sa "Bag Ko 'To".<br>5. Ipasagot sa klase ang gawaing "Ako'y Laging Handa" sa LM.<br>6. Pangkatin ang klase sa tatlo, Pangkat A , Pangkat B, at Pangkat C<br>at ipasagot ang "Mayroon Akong Ganito". Ipabahagi nila sa klase<br>ang nagawa.<br>Iguguhit ng pangkat A ang mga bagay na maaaring ilagay sa<br>*emergency kit*.<br>Iguguhit ng pangkat B ang mga bagay na hindi dapat ilagay sa<br>*emergency kit.*<br>Iguguhit ng pangkat C ang iba pang mga bagay na hindi nakikita<br>sa larawan na maaaring ilagay sa *emergency kit*. Ibahagi ang<br>nagawa sa klase<br>a. Ano-ano ang mga bagay na makikita sa inyong *emergency*<br>*kit*?<br>b. Bakit kinakailangang ihanda ang mga bagay na ito?<br>c. Ano-ano pang pamamaraan ang dapat isaalang-alang sa |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | pag-iwas sa kapahamakang dulot ng iba't ibang uri ng kalamidad,<br>sakuna, at kagipitan?<br>d. Ipaliwanag ang *emergency kit*.<br>8. Ipagawa sa klase ang gawain sa "Tara Tulong-tulong Tayo". Tingnan ang larawan at isulat ang sagot sa loob ng bilog.<br>Anong nakikita sa larawan?<br>Paano ito nakatutulong sa kalamidad?<br>Isulat sa pisara ang salitang ERT.<br>Itanong sa klase:<br>a. Ano ang ibig sabihin ng *emergency response team*?<br>b. Bakit mahalaga ang pagkakaroon ng *emergency response team* sa isang komunidad?<br>c. Ano-ano kaya ang tungkulin ng mga miyembro ng *emergency response team*?<br>d. Maaari bang maging bahagi ng isang *emergency response team* ang kahit na sinong tao? Bakit? Bakit? hindi? |
| C. Pag- uugnay ng mga nbawa sa bagong aralin<br>*( Presentation)* | Paglalahad<br>Ituro ang awitin "Hear the Rain" sa paraang paggagad.<br>Ipagawa sa mga bata ang mga sumusunod: | Paglalahad<br>Magpakita ng larawan ng nilalang banig (*Woven Mat*). | Panlinang na Gawain<br>Talakayin at isagawa ang mga katawagan ukol sa sayaw: *point step, walking step, change step, 3-step turn, bow*, paano | Panlinang na Gawain<br>Talakayin at isagawa ang mga katawagan ukol sa sayaw: *point step, walking step, change step, 3-step turn, bow*, paano | Pag-aralan Natin<br>Bigyan ng oras ang mga mag-aaral na basahin ang nilalaman<br>ng LM tungkol sa paghahanda sa oras ng |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| |  | <br> <br><br>Ano ang masasabi ninyo sa larawan?<br>Ano ang nakikita ninyong kulay, linya, hugis, disenyo, at ayos (*pattern)*?<br>Sabihin:<br>Ang bawat kulay na ginamit sa nilalang banig ay may kahulugan katulad ng kulay ng kalikasan hal. asul, kulay ng langit at dagat.<br>Mapapansin na ang paraan ng paghahabi o paglalala<br>ay karaniwan lamang (*plain weave*) ngunit ang sining at kagandahan ng paglalala ng banig ay nababatay sa pagtitiklop<br>ng mga piraso ng materyal upang makalikha ng kahangahangang disento. | pumalakpak para masundan ang *rhythm*, kumintang, *girls holding*<br>*skirt, boys hands on waist, passing by right to right shoulder, touch*<br>*step, curtsy, stand side by side, 4 steps in place, facing each*<br>*other, towards the partner and away from the partner.* | pumalakpak para masundan ang *rhythm*, kumintang, *girls holding*<br>*skirt, boys hands on waist, passing by right to right shoulder, touch*<br>*step, curtsy, stand side by side, 4 steps in place, facing each*<br>*other, towards the partner and away from the partner.* | kalamidad, sakuna, at kagipitan. |
| D. Pagtatalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan *No I*<br>*ng)* | Pagtalakay<br>Ano ang isinabay nating gawain sa pag-awit? (Sinabayan natin ang pag-awit<br>gamit ang mga *rhythmic instrument.)* | Gawaing Pansining<br>Banig na Papel<br>Sabihin:<br>Ang sumusunod na batayang kaalaman ay | Paglalapat<br>1. Sanayin nang paulit-ulit ang mga isinasakilos na mga katawagan sa sayaw at lapatan ng musika. | Paglalapat<br>1. Sanayin nang paulit-ulit ang mga isinasakilos na mga katawagan sa sayaw at lapatan ng musika. | Pagsikapan Natin<br>1. Ipasagot sa bawat mag-aaral ang "Gawin Natin Ang Tama" sa LM. |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Ilang ulit nating tinugtog ang *rhythmic pattern*? (Paulit-ulit tinugtog ang mga *rhythmic pattern* hanggang matapos ang pag-awit.)<br>Sa musika, ang tawag natin sa paulit-ulit na pagtugtog ng mga *rhythmic patternbilang* pansaliw sa mga awitin ay *rhythmic ostinato.*<br>Paano natin inawit ang "Hear the Rain" sa pangalawang pagkakataon? (Inawit nang may kasabay na mga *so-fa syllable* nang paulit-ulit hanggang matapos ang awitin.)<br>Sa musika, ang tawag natin sa *melodic pattern* na paulit-ulit na inaawit kasabay ng awitin ay *melodic ostinato.*<br>Ano ang pagkakatulad ng *rhythmic* at *melodic ostinato*? (Ang *rhythmic* at *melodic ostinato* ay paulit-ulit na *pattern* na ginagamit bilang pansaliw sa awitin.)<br>Ano ang pagkakaiba ng *rhythmic* at *melodic ostinato*? (Ang *rhythmic ostinato* ay*rhythm*, samantalang ang *melodic* ay *rhythm* at *melody.)*<br>Ano ang kahalagahan ng *ostinato*? (Ang *ostinato* ay nakadadagdag sa kapal ng*texture* ng isang awitin. Ito rin ay nagdadagdag ng ganda sa isang awitin.) | makatutulong upang makagawa ng isang nakawiwiling disenyo sa pamamagitan ng paglalala:<br>a. Pumili ng kumbinasyon ng matingkad at mapusyaw na kulay at kulayan ang lumang diyaryo bago mag-umpisa sa paglalala.<br>b. Pagdikit-dikitin and mahahaba't makikitid na piraso ng papel habang naglalala.<br>1. Upang maging pantay ang paggupit sa papel na gagamitin sa paglalala, maaaring lagyan ng patnubay na linya ang mga bahaging gugupitin.<br>2. Kapag handa na ang paggagawaan at mga kagamitan, sumangguni sa LM Aralin 4. | 2. Ulitin hanggang matutuhan nang lubusan ng mga mag- aaral. | 2. Ulitin hanggang matutuhan nang lubusan ng mga mag-aaral. | 2. Ipasagot ang gawain sa "Ikaw, Sila,Tayo: Anong Dapat Gawin". |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| *E.* Pagtatalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan *No. 2.*<br>*( Guided Practice)* | Paglalapat<br>Hatiin ang klase sa apat na pangkat.<br>Ipagawa ang sumusunod:<br><br>Gawain:<br>Mauunang aawit ang pangkat I.<br>Habang umaawit ang pangkat I, isa-isang<br>papasok ang mga magsasagawa ng *ostinato* | Pagpapalalim ng Pag-unawa<br>a. Anong mga kumbinasyon ng kulay ang ginamit ninyo sa disenyo?<br>b. Anong anyo ang nabuo sa likhang-sining? Ilarawan.<br>c. Saan makikita ang prinsipyong paulit-ulit sa likhang-sining na ginawa?<br>d. Nasunod ba ang mga pamamaraan sa paglalala?<br>e. Humanap ng kapareha at ibahagi ang nararamdaman habangginagawa ang sariling likhang-sining. | Pangwakas na Gawain<br>Pasayawin nang pangkat-pangkat ang mga bata sa saliw ng<br>musika. | Pangwakas na Gawain<br>Pasayawin nang pangkat-pangkat ang mga bata sa saliw ng<br>musika. | Pagyamanin Natin<br>1. Ipasagot ang gawain "Tama at Dapat Ba"?<br>2. Bumuo ang bawat pangkat ng ERT. Pumili ng isang sakuna o kalamidad. Ipakita kung paano tumugon ang kanilang ERT.<br>Bigyan ang bawat grupo ng oras upang gawin ang Gawain B. |
| *F. Paglilinang sa Kabihasan*<br>*(Tungo sa Formative Assessment*<br>*( Independent Practice )* | | | | | |
| *G. Paglalapat ng aralin sa pang araw araw na buhay*<br>*( Application/Valuing)* | Repleksiyon<br>Ano ang kahalagahan ng pag-uulit-ulit ng mga gawain sa inyong pag-aaral?<br>(Mahalaga ang pag-uulit-ulit ng mga gawain para sa mabilis na pagkatuto.) | Repleksiyon<br>Bilang isang mag-aaral, paano mo maipapakita ang respeto<br>at pagpapahalaga sa mga likhang-sining na gawa ng mga pamayanang kultural sa bansa? | | | |
| H. Paglalahat ng Aralin<br>( Generalization) | Paglalahat<br>Ano ang *ostinato*? (Ang *ostinato* ay paulit-ulit na hulwarang ritmo o himig na<br>ginagamit bilang pansaliw sa awitin.) | Paglalahat<br>Ang paglalala ay napakaimportanteng likhang-sining kahit<br>saang sulok ng Pilipinas.<br>Maliban sa sumasalamin ito sa paniniwala, kultura, at tradisyon, ito rin ay pinagkakakitaan ng<br>mga Pilipino at nagiging tanyag ito sa buong mundo. | Paglalagom<br>1. Pangkatin ang mga bata at ipagawa sa kanila<br>ang natutuhang mga galaw sa pagsayaw sa pamamagitan<br>ng:<br>a. bilang o palakpak o paggamit ng patpat;<br>b. musika. | Paglalagom<br>1. Pangkatin ang mga bata at ipagawa sa kanila<br>ang natutuhang mga galaw sa pagsayaw sa pamamagitan<br>ng:<br>a. bilang o palakpak o paggamit ng patpat;<br>b. musika. | Paglalahat |

<table>
<tr>
<td>I. Pagtataya ng Aralin</td>
<td>Pagtataya<br>Piliin ang titik ng tamang sagot.<br>1. Alin sa mga sumusunod ang ginagamit na pansaliw sa awitin?<br>a. rhythmic at melodic ostinato c. alto part<br>b. descant d. lahat ng nabanggit<br>2. Ano ang tawag sa paulit-ulit na rhythmic pattern na ginagamit bilang pansaliw sa awitin?<br>a. descant c. rhythmic ostinato<br>b. melodic ostinato d. ostinato<br>3. Ano ang tawag sa paulit-ulit na melodic pattern na ginagamit bilang pansaliw sa awitin?<br>a. ostinato c. rhythmic ostinato<br>b. descant d. melodic ostinato<br>4. Sa paanong paraan natutukoy ang ostinato?<br>a. sa pakikinig c. sa pakikinig at pagbabasa<br>b. sa pagbabasa d. wala sa nabanggit<br>5. Aling elemento ng musika ang nabibigyang halaga ng ostinato?<br>a. rhythm c. dynamics<br>b. melody d. texture</td>
<td>Pagtataya<br>Suriin ang gawain ng mga bata gamit ang rubrik.
<table>
<tr><th>PAMANTAYAN</th><th>Nakasunod sa pamantayan nang higit sa inaasahan<br>(3)</th><th>Nakasunod sa pamantayan subalit may ilang pagkukulang<br>(2)</th><th>Hindi nakasunod sa pamantayan<br>(1)</th></tr>
<tr><td>1. Naipamalas ang kakayahan sa paglalala.</td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>2. Ang kumbinasyon ng kulay, linya, hugis, disenyo, at pattern ay nakikita sa likhang-sining.</td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>3. Nasunod nang tama ang pamamaraan sa paggawa.</td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>4. Naibahagi ang damdamin sa kapareha tungkol sa likhang-sining na nabuo.</td><td></td><td></td><td></td></tr>
</table></td>
<td>Pagtataya<br>Gamitin ang Performance Rubrics na naaayon sa layunin ng aralin.
<table>
<tr><th>Pangkat</th><th>Napakahusay</th><th>Mahusay</th><th>Di-gaanong mahusay</th></tr>
<tr><td></td><td>Naisasagawa nang walang pagkakamali at magiliw ang mga hakbang ng sayaw.</td><td>Naisasagawa nang walang pagkakamali ang mga hakbang ng sayaw.</td><td>Naisasagawa ng hindi wasto ang mga hakbang ng sayaw.</td></tr>
</table></td>
<td>Pagtataya<br>Gamitin ang Performance Rubrics na naaayon sa layunin ng aralin.
<table>
<tr><th>Pangkat</th><th>Napakahusay</th><th>Mahusay</th><th>Di-gaanong mahusay</th></tr>
<tr><td></td><td>Naisasagawa nang walang pagkakamali at magiliw ang mga hakbang ng sayaw.</td><td>Naisasagawa nang walang pagkakamali ang mga hakbang ng sayaw.</td><td>Naisasagawa ng hindi wasto ang mga hakbang ng sayaw.</td></tr>
</table></td>
<td>Pagtataya<br>Pagnilayin Natin<br>Ipagawa ang “Tandaan Upang Maging Ligtas”. Ipasulat sa loob ng kahon ang sagot.</td>
</tr>
<tr>
<td>J. Karagdagang gawain para sa takdang aralin( Assignment)</td>
<td>Takdang-aralin<br>Pumili ng isang awitin na alam na. Lumikha ng rhythmic ostinato para dito.</td>
<td>Takdang Aralin/Kasuduan<br>Idikit ang banig na papel sa kahon (box) na ginawang alkansiya,<br>pagandahin at ipapakita sa klase.</td>
<td>Takdang- aralin<br>Sabihan ang mga bata na magsanay sa bahay sa mga hakbang ng pagsayaw at ipasaulo ito.</td>
<td>Takdang- aralin<br>Sabihan ang mga bata na magsanay sa bahay sa mga hakbang ng pagsayaw at ipasaulo ito.</td>
<td>Takdang-aralin</td>
</tr>
<tr><td>IV. Mga Tala</td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>V. Pagninilay</td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>g ng mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya</td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>g ng mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawaing remediation</td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>katulong ba ang remedia? Bilang ng mag aaral na nakaunawa sa aralin</td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>g ng mag aaral na magpapatuloy sa remediation.</td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
</table>

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| *a mga istratehiyang pagtuturoang nakatulong ng lubos?Paano ito nakatulong?* | | | | | |
| F. *Anong suliraninang aking nararanasan sulusyunan sa tulong ang aking punong guro at supervisor?* | | | | | |
| G. *Anong gagamitang pangturo ang aking nadibuho na nais kung ibahagi sa mga kapwa ko guro?* | | | | | |

**For more DEPED daily lesson log template, go to: www.teachershq.com**
**File Created by Ma'am SARAH D. RAMOS**